

Miyembro ng Math Olympiad national team, wagi

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Ipinakita ng tatlong math Olympiad ang kanilang husay sa katatapos lamang na Philippine Mathematical Olympiad nang sungkitin ang tatlong pangunahing pwesto kamakailan.

Tinanghal na kampeon si Farrell Eldrian Wu ng MGC New Life Christian Academy sa nasabing national olympiad at nag-uwi ng P20,000.

Kabilang sa mga nagwagi ay ang mga kasamahan ni Wu sa national team na sina Kyle Patrick Dulay ng Philippine Science High School– Main Campus sa unang pwesto at Albert John Patupat ng Holy Rosary College na nasa ikalawang pwesto naman.

Si Dulay ay nakatanggap ng P15,000 habang P10,000 naman para kay Patupat. Maliban sa napagwagiang cash prize, ang tatlo ay nakatanggap din ng mga tropeo at iba't ibang gift item mula sa Sharp Calculators.

Ang tatlo ay kabilang sa national team na lumaban para sa bansa sa International Mathematical Olympiad.

Ngunit bago pa man, si Wu ay nagwagi sa unang pwesto sa nakaraang PMO at nagging bronze medalist sa 56th IMO na ginanap sa Chiang Mai, Thailand.

Samantala, nakamit ni Dulay ang honorable mention sa nakaraang IMO

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Mga pag-aaral at polisiya sa Land Reclamation, kaya yan ng mga Pinoy na Siyentista..... **p3**

Bacteria Growing, isang magandang science project **p4**

Larawanews **p4**



dost.dost.gov.ph

Valley Fault Atlas nasa Internet na

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Handa ka na ba sa "The Big One"?

Marahil ay narinig mo na kung ano itong tinutukoy na "The Big One" dahil na rin sa mga balitang naririnig sa radyo at telebisyon.

Ang The Big One ay ang Valley Fault System (VFS) na mayroong kakayahang makapagdulot ng magnitude 7.2 na lindol o pagyanig.

Ayon sa Department of Science and Technology - Philippine Institute of Volcanology and Seismology (DOST-PHIVOLCS), ang VFS ay kinabibilangan ng West at East Valley Fault. Ang East Valley Fault ay mayhaba na 10 kilometro mula sa lalawigan ng Rizal habang 100 kilometro naman ang sa West Valley Fault na tumatakbo mula Bulacan patungo sa Kamaynilaan

hanggang sa iilang bayan ng Cavite at Laguna.

Sa lakas na magnitude 7.2, tinatayang malaking porsyento ng mga kabahayan, gusali at imprastruktura ang maaaring masira ng nasabing lindol. Kaya naman para sa pamunuan ng DOST, mahalaga na handa lalo na ang mga nasa Kamaynilaan.

Dahil dito, ang DOST-PHIVOLCS ay isinapubliko sa pamamagitan ng Internet ang kopya ng VFS Atlas, o ang mga handbook ng mga mapa ng mga lugar na dinadaan ng VFS.

Ang VFS Atlas ay maaaring madownload sa website ng DOST-PHIVOLCS na www.phivolcs.dost.gov.ph. Ito ay hindi ipinagbibili.

Ayon kay DOST Secretary Mario G. Montejo, "the VFS Atlas, [is] a tedious work
sundan sa pahina 2

Valley Faults ...
Mula sa pahina 1

done by our geologists from DOST-PHIVOLCS, was launched and distributed to local government officials on May 18, 2015,”

Dagdag pa niya na dahil mahalaga ang pagkakaroon ng impormasyon sa geological hazard para sa disaster planning, minabuti ng Kagawaran na ipamahagi ito ng libre sa mga lokal na pamahalaan.

Maliban sa mga nailimbag na kopya ng nasabing atlas, ito ay maaari ring madownload sa website ng DOST-PHIVOLCS.

Ayon sa DOST-PHIVOLCS, mula noong Disyembre, ang Atlas ay nagtala na ng 99,609 rehistradong download habang mayroon namang 1,506 na digital copy ang naipamahagi.

Samantala, ipinaliwanag ni DOST-PHIVOLCS director Renato U. Solidum, Jr. na

ang susi sa kaalaman, pagpapalano, at tamang paggamit sa mga lugar ay ang kaalaman kung saan ang lokasyon ng active fault.

“The Valley Fault System Atlas was conceptualized as a handy reference for everyone to serve as a guide in making sure that areas traversed by active faults are avoided as sites of houses and structures and considered in various mitigation and response actions to enhance the safety and resilience of communities to strong earthquake events,” wika ni Solidum.

Ang VFS Atlas ay magsisilbing mainam na kagamitan upang makapaghandang publiko sa pagdating ng kinatatakutang The Big One kaya naman patuloy na gumagawa ang pamunuan ng DOST ng mga instrumento o proyekto na nagbibigay kaalaman sa publiko.

Sa kanyang pagtatapos, ibinahagi ni Montejo na sa pamamagitan ng VFS Atlas, inaasahang malaking bahagi ng mga populasyon sa Kamaynilaan ang maisasalba sa pagdating ng malaking lindol.

“The VFS Atlas will be our guide to making our communities safe and secure from the possible negative effects of an earthquake; by making our people aware of the hazards they can plan and implement preparedness programs like earthquake drills and retrofitting their houses. In so doing the DOST-PHIVOLCS is empowering our communities and our people to embrace a culture of safety because we cannot stop natural hazards from coming but we can definitely prepare to avert disasters from happening,” wika ni Montejo.

Miyembro ng Math...
Mula sa pahina 1



Nagwagi sina Farell Eldrian Wu, Kyle Patrick Dulay at Albert John Datupat sa nakaraang Philippine Mathematical Olympiad. Ang kompetisyon ay magsisilbing qualifier para sa International Mathematical Olympiad na gaganapin sa Hulyo 6-16 sa Hongkong.

habang bronze medal naman ang nasungkit ni Patupat kahit pa isa siyang baguhan sa nasabing kompetisyon.

Ikinatuwa naman ni Department of Science and Technology- Science Education Institute (DOST-SEI) director Josette Biyo ang pagkakapanalo ng tatlo.

Aniya, ang bansa ay malapit nang makamit ang kauna-unahan nitong ginto sa IMO.

“I’m sure that our team in the IMO always has a fighting chance that would

increase each year that we join the IMO. And this PMO is one of our bases in having that feeling,” wika ni Biyo.

“Our time to win gold at the IMO is coming very soon,” dagdag pa niya.

Ang mga nagwagi kasama pa ang 17 PMO finalist ay sasailalim sa matinding pagsasanay mula Abril hanggang Mayo upang malaman kung sinu-sino ang mapapabilang sa national team na lalaban sa 57th IMO na gaganapin sa Hongkong sa Hulyo 6-16, 2016.

Ani Biyo, patuloy ang DOST sa pagsuporta sa mga Math Olympiad ng bansa na sasali sa mga pandaigdigang kompetisyon upang patuloy silang mahasa at magsilbing tagapagtaguyod ng siyensya at teknolohiya sa hinaharap.

“More than anything, we encourage you all to not just accept the challenge of pursuing excellence through competitions, but to build your character founded on honesty, integrity and nationalism. Be the leaders that we all desire to have,” pagtatapos ni Biyo.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

MA. JUDITH L. SABLAN

Proofreader

FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Mga pag-aaral at polisiya sa Land Reclamation, kaya yan ng mga Pinoy na Siyentista

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Ayon sa isang eksperto, gamitin ang mga lokal na eksperto sa halip na mga dayuhang siyentipiko sa pagsasagawa ng mga feasibility assessment ng mga reclamation project sa bansa.

Ito ang pananaw ni Dr. Kelvin S. Rodolfo, corresponding member ng National Academy of Science and Technology ng Department of Science and Technology o DOST-ASTI. Ayon sa kanya, ang bansa ay mayroong environmental impact system at mga polisiya para sa mga reclamation project ng pamahalaan.

Ayon pa sa kanya, dahil ang mga serbisyong ibinibigay ng mga ahensiya tulad ng Japan International Cooperation Agency ay libre, madalas, ang mga ito ang kinikuha ng pamahalaan sa mga kahalintulad na proyekto sa halip na mga Filipino kahit pa man mayroong kakayanan ang mga ito na magsagawa ng kaparehong pag-aaral.

Sa katunayan, ibinahagi ni Architect Felino “Jun” A. Palafox ng Palafox Architecture Group, Inc., base na rin sa kanyang karanasan sa pagbuo ng Metro Manila Plan (MMETROPLAN), isang komprehensibong urban plan sa National Capital Region noong 1976-1977, kanyang binanggit na kanyang inirekumenda na wala nang karagdagang pagtatayo ng mga gusali sa mga reclamation site sa Manila Bay.

Aniya, “no further developments shall be done beyond what was already reclaimed in 1976 until comprehensive detailed planning socio-economic, financial, engineering studies, etc. are done in the wider urban context of Manila Metropolitan region.”

Subalit, matapos ang 40 taon mula nang iminungkahi ni Arch. Palafox ang 1976 MMETROPLAN, mayroong ilan pang reclamation project ang nakumpleto mula sa hanay ng Manila Bay bagama’t mayroong mga bantang panganib dito.

Ayon kay Academician Fernando Siringan, mayroong dalawang bagay ang kailangang ikonsidera sa pagsasagawa ng plano sa reclamation project, isa na rito ang pagtaas ng tubig ng dagat at pagbaba naman ng

lupa sa tabing dagat. Ayon kay Dr. Rodolfo, ang patuloy na pagtaas ng tubig-dagat at pagbagsak ng lupa ay nagsisilbing malaking banta. Dagdag pa nya na ang Manila Bay ay mayroong malambot na lupa na maaaring maapektuhan ng storm surge.

Sa kabilang dako naman, inamin ni Arch. Palafox na sa kabila ng mga banta sa buhay at ari-arian, ang reclamation project ay mayroon ding kabutihang dulot. Aniya, “a properly planned, designed, engineered, and implemented reclamation area can do the country a lot of good if done properly in the right place, at the right time, at the right land-use, type, and density, and correct comprehensive planning and development.”

Sa pagtatapos, hinamon ni Dr. Rodolfo ang pamahalaan na kilalanin nito ang mga pag-aaral na isinagawa ng mga lokal na siyentipiko at eksperto hinggil sa tamang pagsasagawa ng reclamation project upang maiwasan ang mga delubyo mula sa hindi angkop na pag-aaral ng mga dayuhang eksperto sa land use at assessment.



Ayon kay Dr. Kelvin S. Rodolfo, mayroong sapat na kakayahan at karanasan ang mga lokal na eksperto na magsagawa ng polisiya sa reclamation sa bansa.



Ibinahagi ni Architect Palafox na hindi masama ang mga reclamation project basta ito ay gagawin lamang ng wasto at mayroong siyentipikong basehan at pamamaraan.



Bacteria Growing, isang magandang science project

Ready ka na ba para sa inyong Science Fair Subject? Bakit hindi mo subukan i-test ang bacteria (germs) gamit lamang ang simpleng bacteria growing kit?

Step 1: Magtanong

Lahat ng magandang science experiment ay nagsisimula sa magandang tanong.

Halimbawa: Aling hawakan ng pinto sa inyong paaralan ang may pinakamaraming bilang ng germs?

Step 2: Magsaliksik

Importanteng magkaroon ng simpleng pananaliksik. Maaari mong hingiin ang opinyon ng inyong school nurse, guro, o kaibigan kung aling hawakan ng pinto ang mayroong pinakamaraming germs. Pwede mo ring obserbahan at itala kung alin sa mga ito ang kadalasang ginagamit.

Step 3: Gumawa ng Hypothesis

Base sa ginawa mong pananaliksik ay maaari ka nang makabuo ng iyong palagay o hinuha. Halimbawa: "Ang hawakan ng pinto sa klinika ay may

pinakamaraming bilang ng bacteria". Ito ay mapapatunayang tama o mali matapos ang iyong eksperimento

Step 4: Mag-eksperimento

Gamit ang simpleng bacteria testing kit ay maaari mo nang simulan ang eksperimento. Ang mga mapipili mong hawakan ng pinto ay ang iyong magiging "Independent Variable" dahil ang bawat hawakan ay malaya at ikaw mismo ang pumili sa mga ito. Sa pamamagitan ng testing kit ay maaari kang kumuha ng bulak na

ipapahid sa bawat hawakan ng pinto na ipapahid sa bacteria growing Petri dish. Siguraduhing malalagyan ng label at maililista ang lahat ng impormasyon tulad ng kung kailan at saan nakuha ang sample.

Step 5: Mangalap ng Resulta

Sa mga susunod na araw ay magsisimulang dumami ang bacteria sa Petri Dish. Itala ang ma-oobserbahan sa bawat araw kung aling hawakan ng pinto ang may pinakamaraming bacteria.

Step 6: Gumawa ng Konklusyon

Matapos ang ilang araw mo ng pag-eksperimento ay panahon na para malaman kung tama ang naging hypothesis mo. Kung hindi man tugma ang resulta sa iyong hypothesis, ang mahalaga ay nasagot ang tanong mo sa Step 1. May science project ka na, maaari ka pang makatulong sa kalinisan ng inyong paaralan.



lookat-world

paintama-dynu-com

LarawaNEWS



Sakay na sa DOST Road Train.

Itinampok sa nakaraang road sharing exercise na tinawag na "Bayanihan sa Daan Movement" ang DOST Hybrid Electric Road Train noong 7 Pebrero at binaybay ang kahabaan ng Roxas Blvd. mula Macapagal Ave. hanggang Luneta Park. Nais ng nasabing adbokasiya na maipalaganap ang konsepto ng road sharing sa mga pangunahing lansangan na kinabibilangan ng mga motorista, siklista, at ang DOST Hybrid Road Train na isang inobasyon na tumatakbo sa panggatong na krudo at elektrisidad. Ang tren ay kayang magsakay ng hanggang 240 pasahero kada biyaye. (Larawan mula sa Bayanihan sa Daan Movement)